

Mga nurse practitioners tutulong na palakasin ang pangunahing pangangalaga

Abril 25, 2024

Susuportahan ng isang bagong programa ang mga nurse practitioners na magtrabaho nang nakapag-iisa at magbibigay sa mga Albertan ng karagdagang access sa mga klinika sa pangunahing pangangalaga.

Ang gobyerno ng Alberta ay nakatuon sa pagpapatatag, pagpapalakas at pagpapabuti ng pangunahing sistema ng pangangalagang pangkalusugan ng Alberta. Dapat ma-access ng bawat Albertan ang pangunahing pangangalaga kung kailan at saan nila ito kailangan. Upang makatulong na makamit ang layuning ito, pinalalawak ng gobyerno ang mga pagkakataon para sa mga nurse practitioners.

Sa pamamagitan ng Nurse Practitioner Primary Care Program, ang mga nurse practitioners ay makakatanggap ng humigit-kumulang 80 porsiyento ng kabayaranang ibinibigay sa mga manggagamot ng pamilya na nagbibigay ng komprehensibong pangunahing pangangalaga. Ang kabayaran ay malalaman batay sa laki ng panel (ang bilang ng mga pasyenteng nakikita ng isang nurse practitioner) at ang bilang ng mga oras ng pangangalaga na ibinibigay sa pasyente. Ang programa ay magbibigay-daan sa mga nurse practitioners na magsagawa ng komprehensibong pangangalaga sa pasyente nang nakapag-iisa at magpatakbo ng kanilang sariling mga kasanayan, o magsagawa nang nakapag-iisa sa mga umiiral na klinika ng pangunahing pangangalaga.

Upang maging karapat-dapat para sa kompensasyon sa pamamagitan ng \$15-milyong programa, ang mga nurse practitioners ay dapat matugunan ang ilang mga kinakailangan, kabilang ang pangako na magbigay ng kinakailangang medical na serbisyo sa pangunahing pangangalaga, pagkakaroon ng laki ng panel na hindi bababa sa 900 mga pasyente, na nagbibigay ng access pagkatapos ng oras sa katapusan ng linggo, gabi o mga pista opisyal, at pagtanggap ng mga walk-in appointment habang bumubuo sila ng laki ng panel na 900 pasyente. Ang pinakamababang laki ng panel na 900 ay kapareho sa modelo ng British Columbia.

Ang programa ng nurse practitioners ay nakaayos upang magbigay ng insentibo sa mas mataas na pagkilala ng pasyente habang ang kompensasyon para sa mga nurse practitioners ay tumataas habang lumalaki ang kanilang panel. Ito, kasama ang iba pang mga insentibo kabilang ang Panel Management Support Program, ay makakatulong upang suportahan ang higit na 700,000 Albertans na kasalukuyang hindi naka-kabit sa isang pangunahing tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Ang mga klinika, komunidad at Networks ng Pangunahing Pangangalaga ay maaaring makipagsosyo sa mga nurse practitioners na papasok pa lang sa pagsasanay sa pamamagitan ng pag-a-apply para sa isang beses na pagpopondo sa mentorship. Ang bawat mentor ay karapat-dapat para sa \$10,000 sa unang 18 buwan ng isang nurse practitioner upang matiyak ang isang matagumpay na paglipat sa malayang pagsasanay.

Ang mga nurse practitioners na interesadong magsanay sa pamamagitan ng programang ito ay maaari na ngayon magsumite ng pagpapahayag ng interes sa Alberta Health. Ang bawat pagpapahayag ng interes ay susuriin, at ang mga nurse practitioners na nakakatugon sa mga kinakailangan ay padadalhan ng application form. Sa pamamagitan ng \$2-million grant sa susunod na tatlong taon, tutulongan ng Nurse Practitioner Association of Alberta ang mga nurse practitioners sa buong proseso ng aplikasyon, mag-recruit ng mga nurse practitioners para lumahok sa programa at suportahan sila habang pinaplano nilang magtrabaho nang nakapag-iisa sa isang umiiral na pagsasanay o magtayo ng sarili nilang mga klinika.

Mabilis na mga katotohanan

- Ang mga nurse practitioners ay nakapagtapos ng graduate studies at sumasailalim sa regulasyon ng College of Registered Nurses ng Alberta. Tulad ng ibang mga regulated na propesyon, lahat ng nurse practitioners ay dapat matugunan ang mga minimum na kinakailangan upang magsanay at sumunod sa mga pamantayan sa pagsasanay na itinakda ng kanilang regulatory college.
- Ang kompensasyon ay pro-rate para sa mga bahagyang oras na nagtrabaho kung ito ay mas kaunti sa 1,928 klinikal na oras.
- Ang mga kalahok na nurse practitioners ay karapat-dapat para sa Rural, Remote at Northern Program na nagbibigay ng pondo bilang isang insentibo upang magsanay sa mga rural na lugar.
- Magkakaroon ng isang beses na pagbabayad ng insentibo na \$75 para sa bawat bagong pasyente sa sandaling maabot ng mga nurse practitioners ang laki ng panel na 900, hanggang ang \$2 milyon na inilaan para sa insentibo sa paglago ng panel ay maabot para sa kasalukuyang taon ng pananalapi.
- Magkakaroon ng hindi bababa sa tatlo hanggang limang puwesto na nakalaan sa programa para sa mga nurse practitioners na nagtatrabaho sa mga reserba ng First Nations o Metis Settlements. Ang mga komunidad ng First Nation, Indigenous na klinika at iba pang Indigenous na organisasyon ay maaaring magsumite ng magkasanib na aplikasyon sa isang nurse practitioner upang matulongan silang dagdagan ang laki ng kanilang panel, tumulong sa mga gastos sa pangangasiwa at magbigay ng mga wraparound na serbisyo.

Kaugnay na impormasyon

- [Programa sa pangunahing pangangalaga ng Nurse Practitioner](#)
- [Modernizing Alberta's Primary Health Care System \(MAPS\)](#)

Kaugnay na balita

- [Pagtulong sa mga tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga na suportahan ang mga pasyente \(Feb. 28, 2024\)](#)
- [Pagpapalakas ng pangunahing pangangalaga kasama ang mga nurse practitioners \(Nov. 22, 2023\)](#)

Multimedia

- [Panoorin ang balitang pagpupulong](#)